NEVADA SECRETARY OF STATE

**PARA SA AGARANG PAGLABAS Ika- 22 ng Mayo 2024**

**CONTACT: Cecilia Heston**
Public Information Officer
SOSPIO@sos.nv.gov

**Ang Kalihim ng Estado ng Nevada na si Francisco Aguilar ay nag-anunsyo ng bagong patnubay para ilabas ang mga resulta ng halalan nang mas mabilis sa gabi ng halalan**

CARSON CITY, NV – Bago ang Maagang Pagboto para sa Primary sa Hunyo, ang Kalihim ng Estado ng Nevada na si Francisco Aguilar ay nag-anunsyo ng bagong patnubay para ilabas ang mga resulta ng halalan nang mas mabilis pagkatapos ng pagsasara ng mga botohan sa Gabi ng Halalan.

"Sa taong ito, titingnan ng bansa ang Nevada para matukoy ang nanalo sa halalan ng Pangulo. Ang mga botante ay nararapat na makakuha ng mga available na resulta sa gabi ng halalan; ang pagpapalabas ng mga resulta nang mas maaga ay magpapataas ng transparency, makakatulong sa amin na labanan ang maling impormasyon at maibsan ang pressure sa mga opisyal ng halalan," sabi ni Secretary Aguilar. "Ang eleksyon ay tungkol sa mga tao. Ang mga ito ay tungkol sa mga botante, mga kandidato at mga tagapangasiwa ng halalan - ang pagbabagong ito ay isang panalo para sa ating buong estado."

Ang Opisina ng Kalihim ng Estado ng Nevada ay nagbigay ng patnubay sa mga Klerk at Tagapagrehistro ng County ng Nevada upang pahusayin ang mga timeline ng talaan. Ang gabay ay ilalapat sa  Primary sa Hunyo at sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre.

*Timeline ng Talaan sa Araw ng Halalan:*

- **8am sa Araw ng Halalan:** Ang mga Klerk at Tagapagrehistro ng County ay maaaring magsimulang magtala ng mga Early Voting returns at mail ballot returns na natanggap bago ang Araw ng Halalan
- **Pagsapit ng 6pm sa Araw ng Halalan:** Ang mga Klerk at Tagapagrehistro ng County ay nagbibigay ng kanilang unang file ng mga resulta ng halalan sa Opisina ng Kalihim ng Estado para sa pagpapatunay at pagtiyak ng kalidad
- **Kapag nakumpirma na ng mga Klerk at Tagapagrehistro ng County na ang lahat ng mga botohan ay sarado na at ang huling botante ay bumoto na:** Ilalabas ng Opisina ng Kalihim ng Estado ang mga hindi opisyal na resulta

Sa kawalan ng naunang patnubay, naiintindihan ng estado na ang mga county ay hindi nagsagawa ng anumang pagtatala bago ang pagsasara ng mga botohan. Binibigyang-daan ng NRS 293.3606  ang pagtatala ng mga balota simula 8 am sa Araw ng Halalan, habang nililinaw na ang mga return ay dapat manatiling lihim hanggang matapos ang pagsasara ng mga botohan.

Alinsunod sa batas ng Nevada, ang pagkompromiso sa lihim ng balota sa pamamagitan ng paglalabas ng mga resulta nang maaga ay isang krimen, at ang lihim at seguridad ng balota ay nananatiling pangunahing priyoridad para sa lahat ng opisyal ng halalan sa buong Nevada.

**Ang Maagang Pagboto para sa Primary sa Hunyo ay magsisimula sa Sabado, ika-25 ng Mayo at tatakbo hanggang Biyernes, ika-7 ng Hunyo.** Ang Araw ng Halalan ay Hunyo 11.  Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mahahalagang petsa ng halalan mangyaring tingnan ang aming quick reference guide (DITO) at bisitahin ang aming website na NVSOS.gov.